24 Nagsalaysay muli si Jesus sa kanila
ng isa pang talinghaga.
Sinabi niya, “
Ang **kaharian ng langit**
ay katulad ng isang taong naghasik
ng mabuting binhi
sa kanyang bukid.
25 Isang gabi, habang natutulog ang mga tao,
dumating ang kanyang kaaway,
naghasik ng mapanirang damo sa triguhan
at saka umalis.
26 Nang tumubo at magbunga
ang trigo,
lumitaw din ang mapanirang damo.
27 Kaya't pumunta ang mga utusan
sa may-ari ng bukid
at nagtanong,
‘Hindi po ba mabuting binhi lamang ang inihasik ninyo
sa inyong bukid?
Bakit po may damo ngayon?
’28 Sumagot siya, ‘
Isang kaaway ang may kagagawan nito.’
Tinanong siya ng mga utusan,
‘Bubunutin po ba namin ang mga damo?
’29 ‘Huwag, baka mabunot pati ang mga trigo,’ sagot niya
. 30 ‘Hayaan na lamang ninyong lumago kapwa
ang damo at ang trigo
hanggang sa anihan.
Sa pag-aani'y sasabihin ko sa mga tagapag-ani,
ipunin muna ninyo ang mga damo
at inyong pagbigkis-bigkisin
at saka sunugin.
Pagkatapos, ipunin naman ninyo
ang trigo
sa aking kamalig.’”